"Ano ang friendster account mo?" "Nabasa mo na ba ang blog ko?" "Na-upload mo ba ang mga pictures natin sa multiply account ko?" "Chat tayo!"

Ilan lang ito sa mga katagang namumutawi sa mga bibig ng mga Pilipino lalo't higit sa mga kabataang Pinoy. Isa itong pagpapatunay na hindi na nga mapigilan ang pagiging bahagi ng teknolohiya sa pang-araw araw nating gawain. Sanay na tayo mangamusta sa harap ng web camera o magsabi ng nararamdaman sa pamamagitan ng text. Hindi na tayo naninibago sa paggamit ng internet para sa ating mga pananaliksik o pag-aaral. Gamay na natin magsulat ng blog. Sinasabi nga na ang mga blogs ang makabagong talaarawan. Hindi pa rin tayo napapagod na maglaro ng role-playing games tulad ng DOTA at TANTRA at patuloy pa rin tayong tumutuklas ng mga bagong kawiwilihan na mga laro. Bukas na rin ang ating isipan bilang mga counselor sa email counseling o online counseling. Ang mga guro at mag-aaral ay naghahanda (baka handa na nga!) na sa proseso ng virtual learning. Magaan na rin ang maghanap ng trabaho ngayon dahil me mga online recruitment na. Hindi na talaga mapigilan ang pag-usad ng teknolohiya.

Bagamat nasa panahon na tayo ng mga kompyuter, nararapat lamang himayin at bigyang-lalim ang papel ng teknolohiya at paano nito binago at patuloy na binabago ang ating gawi, kaisipan at damdamin. Nararapat lamang na magkaroon ng mga usapin at pag-aaral hinggil sa teknolohiya at dulot nito positibo man o hindi. Kaya lubos kaming nagagalak at ang kasalukuyang kumperensiya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino ay sumasalamin sa epekto ng teknolohiya sa sikolohiya at lalo't higit sa ating lipunan.

Sa ngalan ng Far Eastern University sa pamumuno ng aming pangulo si Dr. Lydia B. Echauz, binabati namin ang buong pamunuan ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino sa pagpili ng napapanahong usapin hinggil sa teknolohiya. Kami din ay lubos na nagpapasalamat sa inyong pagpili sa aming paaralan bilang paggaganapan ng inyong taunang kumperensiya. Ang masaya at malalim na talakayan na magaganap sa kumperensiya ay magpapayabong ng kaalaman at magpupukaw ng damdamin sa mga delegado lalo't higit sa mga mag-aaral ng sikolohiya.

Kaisa ng PSSP, inaanyayahan ko kayo na pagyamin ang ating isip at pagsiklabin ang ating damdamin sa iba't ibang paksa hinanda ng pamunuan sa kanilang ikatatlumput-dalawang pambansang kumperensya pinamagatang *"www.PINOYster.com: Teknolohiya, Kultura at Lipunan,"*

Mabuhay tayong lahat!

Graciel A. Lintag
Acting Chair, Department of Psychology

PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Sakop ng teknolohiya ang halos lahat na larangan ng buhay. Binago ng mga produkto nito ang pag-unawa at paraan ng pakikipagkabigan at pakikipagkasintahan; ng pangungumusta at pamamaalam; ng pagtuturo at pagkatuto; ng pakikidigma at pagtataguyod sa kapayapaan; ng pagtutuwid ng mali at ng pandaraya; ng halalan, libangan, pagdarasal,pagpapatakbo ng kumperensiya, at pangangampanya ng iba't-ibang adhikain. Bagamat napagtatagpo ng teknolohiya ang mga tao mula sa magkakalayong bansa samantalang posible namang napaglalayo nito ang loob ng mga taong kapiling nila. Kaugnay ng mga ito ang usapin ng personal na pagpapahalaga, gayundin ang malaking responsibilidad sa paggamit ng teknolohiya lalo na sa paghubog ng mga kabataan. Sadyang napapanahon ang pagpili sa teknolohiya bilang tema ng kasalukuyang kumperensiya.

Sa ngalan ng pamunuan ng PSSP, binabati ko ang lahat ng nagtaguyod at nakilahok sa ika-32ng pambansang kumperensiya. Nawa'y maging masigla ang inyong talakayan at higit na mapayabong pa nito ang literatura ng Sikolohiyang Pilipino.

Pinasasalamatan ko ng PSSP at ang Lupong Tagapangasiwa at ang Tagapamahalang para sa paghahanda para sa Kumperensiyang nito.

Mabuhay!

Grace Aguiling-Dalisay
Pangulo, PSSP

My Documents
My Computer
Recycle Bin
Internet Explorer
Pagpapakilala sa PSSP
Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ay isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 sa layuning isulong at itaguyod ang Sikolohiyang Pilipino bilang disiplina at kilusan para sa makabuluhan at makatuturang pag-aaral, pagsusuri at pag-unawa ng diwa at pagkataong Pilipino mula sa oryentasyon at perspektibong Pilipino tungo sa pagpapalawak ng pambansang kamalayan at kamulatan ng sambayanang Pilipino.
Partikular na mga Layunin ng PSSP
1. Ipalaganap ang sikolohiyang Pilipino sa unibersidad, Simbahan, pribadong ahensiya, media at pamahalaan.
2. Mag-ambag sa diskurso ukol sa mga napapanahong usaping pambansa at pandaigdigan na gamit ang perspektibo ng sikolohiyang Pilipino
3. Linangin at gamitin ang kaalaman, kaisipan at metodolohiyang batay sa yaman ng mga kultura at karanasan sa Pilipinas
4. Bumuo ng sistematikong paglikom ng mga materyal at kaalaman ukol sa kultura at lipunang Pilipino
Lupong Tagapamahala 2006-2007
Pangulo Grace Aguiling-Dalisay
Kalihim Atoy M. Navarro
Ingat-Yaman Cherrie Joy F. Billedo
Mga Kasapi Alwin C. Aguirre
Geraldine R. Asis
Jose Antonio R. Clemente
Christine Ann A. De Villa
Jose Maria A. Diestro Jr.
Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
Roberto E. Javier Jr.
Flordeliza Lagbao-Bolante
Michelle G. Ong
Tagapangasiwang Direktor Jay A. Yacat
start
Yahoo! - Microsof...
Ika-32 Pambansa...
Adobe Photosho...
nero
3:05 AM

Talaan ng mga Naging Pangulo

Virgilio G. Enriquez
Pangulong Tagapagtatag

Esther S. Reyes
1979-1980

Manuel F. Bonifacio
1981-1982

Abraham B. Velasco
1983-1984

Felipe De Leon Jr.
1984-1985

Alfredo V. Lagmay
1987-1988

Lilia F. Antonio
1989-1990

Rogelia Pe-Pua
1991-1992

Grace Aguiling-Dalisay
1993-1994

Proserpina D. Tapales
1995-1996

Elizabeth Protacio-Marcelino
1997-1998

Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
1999-2000

Flordeliza Lagbao-Bolante
2001-2002

Grace Aguiling-Dalisay
2003--Kasalukuyan

Talaan ng mga Kasapi (1975-Kasalukuyan)

KASAPING PANDANGAL

Teodoro A. Agoncillo, Kasaysayan
Renato Constantino, Kasaysayan
Jose "Pepe" W. Diokno, Pulitika
Alfredo V. Lagmay, Sikolohiya
Cecilio Lopez, Linggwistika
Genoveva Edroza Matute, Panitikang Tagalog
Ramon Munzones, Panitikang Hiligaynon
Ponciano B.P. Pineda, Wika
Bonifacio P. Sibayan, Linggwistika

KASAPING PANGHABAMBUHAY

Alexa P. Abrenica, Andresito E. Acuña, Jasmin E. Acuña, Teruya Adachi, Grace Aguiling-Dalisay, Alwin C. Aguirre, Albert E. Alejo, Hermin S. Alejo, Amelia B. Alfonso, Milagros B. Alfonso, Nilda R. Almonte, Rosario Alonzo, Annie Antonio, Lilia F. Antonio, Geraldine R. Asis, Jose Ma. F. Bartolome, Allan B.I. Bernardo, Cherrie Joy F. Billedo, Manuel F. Bonifacio, Josefina Andrea R. Cantiller, Clarita R. Carlos, Annadaisy J. Carlota, Rolando Carub, Bernardita R. Churchill, Susan Cipres-Ortega, Aurora Corpuz-Mendoza, Ma. Elna R. Cosejo, Prospero R. Covar, Ma. Trinidad Crisanto, Romeo V. Cruz, Pamela Cruz-Constantino, Lenore de la Llana-Decenteceo, Alma S. De la Cruz, Felipe M. de Leon, Jr., Gregorio del Pilar II, Ma. Fe A. Domingo, Proserpina Domingo-Tapales, Sylvia Estrada-Claudio, Elena Flores, Roberto E. Galvez, Ma. Cecilia Gastardo-Conaco, Elaine Geronimo-Reyes, Ma. Angeles Guanzon-Lapeña, Margarita Go Singco-Holmes, Roberto E. Javier Jr., Ma. Carmen C. Jimenez, Elsa P. Jurado, Fredisvinda Lagbao-Aniban, Flordeliza Lagbao-Bolante, Leticia A. Lagmay, Violeta Lagmay, Godofredo A. Lanuza, Lourdes V. Lapuz, Patricia B. Licuanan, Anselmo Lupdag, Filoteo A. Mangulabnan, Elaissa Marina Mendoza, Erlinda S.A. Mendoza, Roberto N. Mendoza, Leonardo N. Mercado, Christian Vernon Mogol, Ma. Divina Gracia Nakar, Atoy M. Navarro, Ma. Lina Nepomuceno-Van Heugten, Michelle G. Ong, Editha Panay, Emy M. Pascasio, Elizabeth A. Pastores, Surapol Payonyaam, Consuelo J. Paz, Ma. Carmen V. Peñalosa, Rogelia E. Pe-Pua, Elizabeth Protacio-De Castro, Anatalia Ramos, Fe Corazon B. Ramos-Muit, Natividad T. Reyes, Guillermo Q. Roman, Jr., Zeus A. Salazar, Lilia P. Salazar, Corazon M. Samaniego, Elena L. Samonte, Mario R. San Buenaventura, Ida Siason, Pilar E. Soto, Juan Tapales, Jack P. Taylaran, Amaryllis T. Torres, Danilo Bv. Tuazon, Mary Agnes M. Urban, Ma. Leonora Vasquez-de Jesus, Abraham B. Velasco, Elizabeth R. Ventura, Eva Minerva Duka Ventura, Joseph O. Vergara, Wilfrido V. Villacorta, Aracelli M. Villamin, Benedicto C. Villanueva, Violeta Villaroman-Bautista, Rory Villar, Nieto L. Vitto, Fumio Watanabe, Jay A. Yacat.

KASAPING ORGANISASYONG PANG-MAG-AARAL

CSU Psychology Circle (CSU Psych Circle), DLSU Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya (DLSU SMS), DLSU-D Psychological Society at Work (DLSU-D PSW), DLSU-D Psychology Program Council (DLSU-D PPC), PNU Psychology Society-Kalipunan sa Sikolohiyang Pilipino (PNU PSYCHSOC-KAISIP), PUP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino (PUP BSP), SLPC Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (SLPC SSP), at UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino (UP BUKLOD-ISIP).

GAWAIN AT PROGRAMA NG PSSP

PAMBANSANG KUMPERENSYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Isinasagawa taun-taon ang *Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino.* Kumprehensibong tinatalakay sa mga pambansang kumperensya ang isang piling tema. Nitong mga nakaraang taon, isinasagawa ang pambansang kumperensya tuwing Nobyembre bilang paggunita rin sa kaarawan ni Dr. Virgilio G. Enriquez, ang Ama ng Sikolohiyang Pilipino. Sa tuwing ikalawang taon, isinasagawa ang kumperensya sa labas ng Kalakhang Maynila. Para sa taong 2003, tema ng kumperensya ang *"Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon"* sa De La Salle University, 27-29 Nobyembre 2003.

KAPIHAN SA PSSP

Itinataguyod ang *Kapihan sa PSSP* isang Sabado minsan sa isang semestre sa tanggapan ng PSSP. Isa itong okasyon kung saan tinatalakay ang mga bagong pananaliksik kaugnay ng mga isyung konseptwal, teoretikal, pilosopikal at metodolohikal sa Sikolohiyang Pilipino.

PILING PILING ARAW

Paksa. Inumin. Pagkain. Ito ang mga sangkap na nagpapalinamnam sa *Piling Piling Araw (PPA).* Nag-aanyaya ng mga piling tagapagsalita upang magtalakay sa isang natatanging paksa. Sinusundan ito ng pagsasalo sa katutubong inumin at pagkain. Inililibot ang *PPA* sa iba't ibang mga eskwelahan, kolehiyo at unibersidad.

TATSULOK SA PSSP

Itinataguyod ang *Tatsulok sa PSSP* upang pagtagpuin ang mga pinuno ng mga organisasyong pang-mag-aaral ng iba't ibang eskwelahan, kolehiyo at unibersidad na nagsusulong ng pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino. Pagkakataon ito para sa pagpupulong tungkol sa pakikipagtulungan ng mga organisasyon sa mga gawain at programa ng PSSP at pagbubuo ng mga gawain at programa ng pagtutulungan ng mga organisasyong pang-mag-aaral.

LINANGAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Binubuo ng iba't ibang pagsasanay sa lalong pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino ang *Linangan sa Sikolohiyang Pilipino (LSP)*. Sa kasalukuyan, may dalawang natatanging kurso at programa ang *LSP:*

- Mga Katutubong Pamamaraan ng Pananaliksik
- Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino



AKLATAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Pinapangasiwaan din ang *Aklatan sa Sikolohiyang Pilipino* sa tanggapan ng PSSP. Naglalaman ang naturang aklatan ng malawak na koleksiyon ng mga babasahin at lathalain ukol sa sikolohiya, lipunan, kultura at kasaysayang Pilipino. Malaki ang maitutulong ng aklatan sa pag-aaral at pananaliksik ng mga dalubhasa, estudyante at may interes sa Sikolohiyang Pilipino.

SALIKSIKAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Itinataguyod ang *Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino* bilang programang pananaliksik ng PSSP. Sa kasalukuyan, may tatlong pangunahing grupong pananaliksik ang *Saliksikan:*

- Pamamahala at Pamumuno
- Pagkatao at Sekswalidad
- Kulturang Popular at Media

PUBLIKASYON SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Itinataguyod ang iba't ibang *Publikasyon sa Sikolohiyang Pilipino* gaya ng mga aklat, jornal at monograp tungo sa higit pang paglalaganap ng Sikolohiyang Pilipino. Inilalathala ang mga katitikan at ulat ng Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino, Kapihan sa PSSP, Piling Piling Araw at materyales mula sa Linangan sa Sikolohiyang Pilipino at Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino. May mga digital na publikasyon din bukod pa sa pagkakaroon ng website: www.pssponline.org

PSSP TALAAN NG MGA PAMBANSANG KUMPERENSYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

1975 (Quezon City): Unang Pambansang Kumperensya: *"Ang Kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Pambansang Kaunlaran."* Abelardo Hall Auditorium at Faculty Center Conference Hall, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 6-11 Nobyembre 1975. Pinamahalaan ni Virgilio Enriquez.

1976 (Manila): Ikalawang Pambansang Kumperensya: *"Ang Kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Pambansang Kamulatan."* Bulwagang Paulino J. Garcia, Pambansang Lupon sa Pagpapaunlad ng Agham, Pedro Gil, Manila, 9-11 Nobyembre 1976. Pinamahalaan ni Zeus Salazar.

1977 (Manila): Ikatlong Pambansang Kumperensya: *"Mga Katutubong Konsepto at Pamamaraan sa Lipunang Pilipino."* Philippine Normal College, Manila, 16-19 Nobyembre 1977. Pinamahalaan ni Esther Reyes.

1978 (Laguna): Ika-apat na Pambansang Kumperensya: *"Ang Kabataang Pilipino at ang Ikatlong Daigdig."* University of the Philippines, Los Baños, Laguna, 25-28 Oktubre 1978. Pinamahalaan ni Abraham Velasco.

1979 (Leyte): Ikalimang Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiyang Pilipino sa Pagpapaunlad ng Nayon."* Divine Word University, Tacloban City, Leyte, 24-27 Oktubre 1979. Pinamahalaan ni Leonardo Mercado.



1980 (Albay): Ika-anim na Pambansang Kumperensya: *"Ang Kamalayang Etniko at Pananagutang Pambansa."* Bicol University, Legazpi City, Albay, 22-25 Oktubre 1980. Pinamahalaan ni Jesus Fer Ramos.

1981 (Baguio): Ikapitong Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiyang Pilipino sa Pagtuturo at Kaalamang Pantao."* University of the Philippines, Baguio, Baguio City, 11-14 Nobyembre 1981. Pinamahalaan ni Nellie Alabanza.

1982 (Marawi): Ikawalong Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya at Pagkataong Pilipino sa Katutubong Sining."* Mindanao State University, Marawi City, Lanao del Sur, 26-30 Oktubre 1982. Pinamahalaan ni Angelito Flores.

1983 (Nueva Ecija): Ikasiyam na Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Mambubukid na Pilipino."* Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija, 24-28 Oktubre 1983. Pinamahalaan ni Anselmo Lupdag.

1984 (Quezon City): Ikasampung Pambansang Kumperensya: *"Ang Pamilya sa Lipunang Pilipino."* University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 24-27 Oktubre 1984. Pinamahalaan ni Manuel Bonifacio. (Pagdiriwang ng Ikasampung Taon ng PSSP, 23 Oktubre – 6 Nobyembre 1984. Pinamahalaan ni Abraham Velasco.)

1985 (Manila): Ikalabing-isang Pambansang Kumperensya: *"Kaalaman, Gamit at Etika ng Sikolohiyang Pilipino."* Pambansang Aklatan, Manila, 19-21 Nobyembre 1985. Pinamahalaan ni Rogelia Pe-Pua.

1986 (Bulacan): Ikalabindalawang Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Pelikulang Pilipino: Direktor, Artista at Manonood."* Hiyas ng Bulacan, Malolos, Bulacan, 23-25 Oktubre 1986. Pinamahalaan nina Corazon Samaniego at Felipe de Leon Jr.

1987 (Quezon City/Quezon): Ikalabintatlong Pambansang Kumperensya: *"Ang Kamalayang Ispiritwal ng mga Pilipino."* University of the Philippines, Diliman, Quezon City at Bundok Banahaw, Dolores, Quezon, 13-14 Oktubre/5-7 Nobyembre 1987. Pinamahalaan nina Violeta Bautista at Prospero Covar.



1988 (Manila): Ikalabing-apat na Pambansang Kumperensya: *"Ang Katutubong Medisina sa Sikolohiyang Pilipino."* De La Salle University, Manila, 14-15 Oktubre 1988. Pinamahalaan ni Lilia Antonio.

1989 (Quezon City): Ikalabinlimang Pambansang Kumperensya: *"Katiwalian at Pananagutan sa Lipunang Pilipino."* University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 16-18 Nobyembre 1989. Pinamahalaan nina Proserpina Tapales at Rogelia Pe-Pua.

1990 (Quezon City): Ikalabing-anim na Pambansang Kumperensya: *"Ang Lihis na Pagkilos sa Lipunang Pilipino."* Ateneo de Manila University, Quezon City, 10-11 Disyembre 1990. Pinamahalaan ni Alma Santiago de la Cruz.

1991 (Batac): Ikalabinpitong Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Pamumuno sa Pamayanang Pilipino."* Mariano Marcos State University, Batac, Ilocos Norte, 13-15 Nobyembre 1991. Pinamahalaan nina Felipe Cachola, Zenaida Pegtuan at Ernesto Cadiz.

1992 (Manila): Ikalabing-walong Pambansang Kumperensya: *"E Babae, Kasi? Lalake, Palibhasa?."* Philippine Normal University, Manila, 11-12 Disyembre 1992. Pinamahalaan ni Grace Aguiling-Dalisay.

1994 (Quezon City): Unang Pandaigdigang Kumperensya at Kultura/Ikalabinsiyam na Pambansang Kumperensya: *"Katutubong Sikolohiya at Kultura."* University of the Philippines, Quezon City, 8-10 Disyembre 1994. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1995 (Nueva Ecija): Ikadalawangpung Pambansang Kumperensya: *"Pamumuno at Pagpapahalagang Pilipino."* Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija, Tag-init 1995. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1995 (Marawi): Ikadalawamput-isang Pambansang Kumperensya: *"Buklurang Muslim-Kristiyano."* Mindanao State University, Marawi City, Lanao del Sur, 1995. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1996 (Quezon City): Ikadalawamputdalawang Pambansang Kumperensya: *"Sikolohiya ng Kabayanihan at Lideratong Pilipino."* Balay Kalinaw, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 10-11 Disyembre 1996. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1997 (Palawan): Ikadalawamputtatlong Pambansang Kumperensya: *"Kalikasan, Kabuhayan at Kulturang Pilipino."* Palawan State University, Puerto Prinsesa City, Palawan, 12-14 Disyembre 1997. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1998 (Manila): Ikadalawamput-apat na Pambansang Kumperensya: *"Wika ng Rebolusyon, (R)Ebolusyon ng Wika."* CSB Theater, College of St. Benilde, De La Salle University, Manila, 19-20 Nobyembre 1998. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

2000 (Davao): Ikadalawamputlimang Pambansang Kumperensya: *"Hamon sa Kapayapaan: Konteksto ng Mindanaw."* Marco Polo Hotel, Davao City, 23-25 Nobyembre 2000. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama si Albert Alejo.

2001 (Quezon City): Ikadalawamput-anim na Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Sekswalidad at Spiritwalidad sa Kontekstong Pilipino."* Alumni Hostel Conference Hall, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 22-24 Nobyembre 2001. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

2002 (Laguna): Ikadalawamputpitong Pambansang Kumperensya: *"Kahit Maputi na ang Buhok Ko: Ang Sikolohiya ng Pagtanda sa Konteksto at Lipunang Pilipino."* SEARCA Auditorium, University of the Philippines, Los Baños, Laguna, 21-23 Nobyembre 2002. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama sina Dwight David Diestro at Nenita Tapay.

2003 (Manila): Ikadalawamputwalong Pambansang Kumperensya: *"Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon."* Yuchengco Seminar Room, De La Salle University, Manila, 27-29 Nobyembre 2003. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

2004 (Cavite): Ikadalawamputsiyam na Pambansang Kumperensya: *"Kayod Kalabaw: Sipag at Tiyaga ng Manggagawang Pilipino (Ang Sikolohiya ng Paggawa)."* Severino de las Alas Hall, De La Salle University, Dasmariñas, Cavite, 24-26 Nobyembre 2004. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama sina Jose Ma. Bartolome, Roberto Galvez, Godofredo Lanuza, Jason Laguerta, Selfa Napicol at Nonalyn Vista.

2005 (Manila): Ikatatlumpong Pambansang Kumperensya: *"Gandang Pinoy: Loob at Labas."* University Conference Center, Far Eastern University, Sampaloc, Manila, 24-26 Nobyembre 2005. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama si Jose Maria Diestro Jr.

2006 (Cagayan): Ikatatlumput-isang Pambansang Kumperensya: *"Taos Puso, Bukas Palad: Kultura at Sikolohiya ng Pagkalinga,"* Conference Hall, Lyceum of Aparri, Aparri, Cagayan, 23-25 Nobyembre 2006. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama sina Carmelo Callueng at Joel Reyes.

2007 (Manila): Ikatatlumput-dalawang Pambansang Kumperensya: *"www.PINOYster.com: Teknolohiya, Kultura at Lipunan,"* University Conference Center, Far Eastern University, Sampaloc, Manila, 22-24 Nobyembre 2007. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamaha kasama si Jose Maria Diestro Jr

Mga Lupon ng Kumperensiya

Lupong Tagapagpaganap	Jose Maria Diestro Jr.
	Jay Yacat
Programa	Grace Aguiling-Dalisay
	Jay Yacat
	Atoy Navarro
	Jose Maria Diestro Jr.
	Alwin C. Aguirre
	Geraldine R. Asis
	Jose Antonio R. Clemente
	Christine Ann A. De Villa
	Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
	Michelle G. Ong
Sekretaryat at Dokumentasyon	James Anthony Mina
	Michael David Lopez
	Edison Balagtas
	FEU Psychology Society
Palatuntunan, Paanyaya at Promosyon	Jay Yacat
	Grace Aguiling-Dalisay
	Atoy Navarro
	Jose Maria Diestro Jr.
	Edison Balagtas
	James Anthony Mina
	Michael David Lopez
Pananalapi at Marketing	Geraldine Asis
	Jose Antonio Clemente
	Christine Ann De Villa
	Jose Maria Diestro Jr.
	Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
	Grace Aguiling-Dalisay
	Flordeliza Lagbao-Bolante
	Jay Yacat
	James Anthony Mina
	Amanda dela Cruz
Lohistika	Jose Maria Diestro. Jr.

UNANG ARAW NG KUMPERENSYA
Huwebes, 22 Nobyembre 2007

07:30-08:00	**PAGPAPATALA**
08:00-9:30	**PAMBUNGAD NA PALATUNTUNAN**
	Panalangin
	Pambansang Awit
	Pagbati at Pagtanggap
	Pagbubukas ng Kumperensya
	Pagpapakilala ng mga Delegado
10:00-10:30	Paglulunsad ng mga Bagong Lathalain ng PSSP
10:30-12:00	Pagpapakilala sa Pangunahing Tagapagsalita
	Pangunahing Tagapagsalita
	G. Louie Benedict Hernandez Senior Vice President for Philippine Operations, eTelecare Global Solutions at 2006 The Outstanding Young Men awardee
	Malayang Talakayan

12:00-01:00	PANANGHALIAN
01:00-03:00	UNANG SESYON **TEKNOLOHIYA, SARILI AT INDIBIDWAL** **Care to Chat:** **Mga Siko-sosyal na Aspekto ng Online na Pakikipag-ugnayan** Prop. Cherrie Joy Billedo Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman **Emotional Stability and Sociability as Determining Variables Influencing Behaviors of Users and Non-Users of Internet Relay Chat** Prop. Cinderella Arellano-Sta. Cruz Departamento ng Sikolohiya, Far Eastern University *Malayang Talakayan* **Tagapamagitan**: Prop. Josefina Andrea Cantiller Unibersidad ng Pilipinas, Diliman at Kasaping Panghabambuhay, PSSP
03:00-05:00	**Simulating Agent Personality Changes over Time in Interactive Game Environments** Mr. Francis Veto College of Computer Studies, De La Salle University, Manila **Imahe ng Pagkalalake sa mga Lalakeng Manlalaro ng DotA** Joshua Abejero, Marione Allen Ozaeta, Christly Palacio at Rachel Ann Veloro Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman *Malayang Talakayan* **Tagapamagitan**: Prop. Josefina Andrea Cantiller Unibersidad ng Pilipinas, Diliman at Kasaping Panghabambuhay, PSSP

IKALAWANG ARAW NG KUMPERENSYA
Biyernes, 23 Nobyembre 2007

08:00-10:00 IKALAWANG SESYON
TEKNOLOHIYA, KAPWA AT KOMUNIDAD

Ang Paggamit ng Teknolohiya at ang Relasyong Magulang-Anak
Dr. Lianne Pena-Alampay
Departamento ng Sikolohiya, Ateneo de Manila University

Virtual Togetherness: A Grounded Theory Investigation of the Experience of Companionship in Computer-Mediated Friendships among Adolescents
Prop. Jennifer Lajom
Departamento ng Sikolohiya, De La Salle University, Manila

Malayang Talakayan

Tagapamagitan:
Prop. Michelle G. Ong
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman at Lupong Tagapamahala, PSSP

10:00-12:00 **Kapwa at Pakikiramdam sa Panahon ng Teknolohiya**
Dr. Ma. Cecilia Gastardo-Conaco
Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

10:00-12:00

Wow(ww.) Philippines(.com)!:
Ang Representasyon ng Pilipinas sa Internet
Jayson Petras
Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Malayang Talakayan

Tagapamagitan:
Prop. Michelle G. Ong
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman at Lupong Tagapamahala, PSSP

12:00-01:00 PANANGHALIAN

01:00-03:00 IKATLONG SESYON
TEKNOLOHIYA, KULTURA, LIPUNAN AT BAYAN

Wika at Teknolohiya
Dr. Galileo Zafra (Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)

Teknopropesiya: Ang Pag-imahen sa/ng Kinabukasan ng/sa Teknolohiya sa mga Future Fiction sa Palanca
Prop. Alwin Aguirre (Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)

From Marimar to Marimar: The Reign of Soaps on Philippine Primetime
Geraldine Asis at Janet Rosell-Tolete (GMA-7 Network, Inc.)

Malayang Talakayan

Tagapamagitan: Atoy Navarro (Kalihim, PSSP)

03:00-05:00

Trabaho o Hanapbuhay?:Ang Persepsiyon sa Pagbili at Paggamit ng mga Teknolohiyang Pang-impormasyon, Komunikasyon at Transportasyon
Prop. Carmen Penalosa
Department of Social Sciences, Miriam College

Sustainable Building: Cultural Activity vs Technological Product
Prop. Niccolo del Castillo
Kolehiyo ng Arkitektura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Malayang Talakayan

Tagapamagitan: Atoy Navarro (Kalihim, PSSP)

HULING ARAW NG KUMPERENSYA

Sabado, 24 Nobyembre 2007

08:00-10:00

IKA-APAT NA SESYON
TEKNOLOHIYA AT SIKOLOHIYA

Mga Repleksiyon sa Pagbabagong dulot ng Teknolohiya
Prop. Susan Cipres-Ortega
Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

NEWBIE: Mga Karanasan sa Paggamit ng Internet sa Sikolohikal na Pananaliksik
Prop. Cherrie Joy Billedo
Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Malayang Talakayan

Tagapamagitan:
Prop. Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
De La Salle University at Lupong Tagapamahala, PSSP

10:00-12:00

Online Teaching and Learning
Dr. Benito L. Teehankee
De La Salle Professional Schools

Technology as a Tool for Therapeutic Intervention
Dr. Karina Galang Fernandez
Departamento ng Sikolohiya, Ateneo de Manila University

Malayang Talakayan

Tagapamagitan:
Prop. Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
De La Salle University at Lupong Tagapagpamahala, PSSP

12:00-01:00

PANGWAKAS NA PALATUNTUNAN

Panunumpa ng Bagong Kasapian

Pagbibigay ng Katibayan ng Pagdalo at Pasasalamat, at Pagwawakas ng Kumperensiya
Dr. Grace Aguling-Dalisay
Pangulo, PSSP
VPAA, Miriam College

Pagtanggap ng Pasasalamat

MGA ILULUNSAD NA PUBLIKASYON NG
PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO (PSSP)
2007

AKLAT

Navarro, Atoy at Flordeliza Lagbao-Bolante (mga patnugot). *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw.* Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2007. (P298/kopya) .



Sa pangkalahatan, layunin at tunguhin ng aklat na ito na makapagbigay ng mabisang pambungad sa tatlong mahahalagang kaisipan at kilusan para sa Agham Panlipunang Pilipino. Nakapaloob sa aklat na ito ang ilang piling babasahin na lumabas sa loob man o sa labas ng bansa ukol sa Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw na magkakaugnay na umunlad naman nitong humigit tatlumpong taon. Tampok sa aklat na ito ang mga sinulat nina Dr. Virgilio G. Enriquez, Dr. Prospero R. Covar, Dr. Zeus A. Salazar, Dr. Clemen C. Aquino, at Dr. S. Lily L. Mendoza.

Sa diwa ng patuloy na pagtataguyod sa Agham Panlipunang Pilipino bilang makatotohanan at makabuluhang pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa (mga) lipunan ayon sa (mga) kapookan, pagpapakahulugan, at talastasang Pilipino kung kaya nga't handog ngayon ang *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw!*

MONOGRAP

Ang *Binhi* ay ang serye ng monograp na inilalathala ng PSSP. Isa itong *refereed* na publikasyon na may layuning talakayin ang mga mahahalagang usaping kinakaharap ng Sikolohiyang Pilipino bilang disiplina, maging ito man ay konseptwal, teoretikal, pilosopikal, at/o metodolohikal. Tulad ng isang *binhi,* inaasahan na magsisilbing pangningas ang mga kaisipang mailalahad sa mga monograp sa mga bagong ideya at pagtalakay sa Sikolohiyang Pilipino.

Ong, Michelle. Sama-samang Pagtuklas at Paglilimi: Ang Workshop bilang Pamamaraan ng Maka-Pilipinong Pananaliksik. *Binhi, 3* (1), 2007. (P120/kopya)

Inihahain ng monograp na ito ang *workshop* bilang pamamaraan ng pangangalap ng datos na akma sa *maka-Pilipinong pananaliksik.* Tinatalakay nito ang mga katangian ng maka-Pilipinong pananaliksik, ang tipikal na daloy ng isang karaniwang workshop para sa pananaliksik, at ang mga katangian ng workshop na nagsusulong ng maka-Pilipinong pananaliksik. Makikitang ang workshop ay may pagkilala sa kakayahan at kapakanan ng kalahok, may balikang daloy ng impormasyon, gumagamit ng malilikhang pamamaraan, at may pantay na pagpapahalaga sa proseso at kalalabasan. Bagama't may mga suliranin ding hatid ang kakaibang pamamaraang ito, iminumungkahi ang mas malawak na paggamit nito upang lalong matasa ang kahalagahan nito bilang maka-Pilipinong pamamaraan ng pananaliksik.

Javier, Roberto Jr. Pangpamamaraang Kaangkinan ng Pakikipagkuwentuhan . *Binhi, 2* (2), 2005, muling inilimbag, 2007. (P120/kopya)



Pinapaksa ng monograp na ito ang kalikasan, kaayusan, proseso, at produkto ng *kuwentuhan* sa pamamagitan ng isang pag-aaral etnograpiko na sistematikong isinagawa upang matukoy ang mga batayang kalidad ng *pakikipagkuwentuhan* bilang *pangkulturang pamamaraan sa pananaliksik.* Isang *pakikipanuluyan,* isang etnograpikong teknik sa *Sikolohiyang Pilipino,* ang isinagawa naman upang *makipamuhay* sa mga kalahok sa mga komunidad sa piling nayon at lunsod sa panahon ng *pagmamasid* sa kuwentuhan. Hinati sa limang pangunahing bahagi ang pag-aaral etnograpikong ito sa pangpamamaraang kaangkinan ng kuwentuhan: Ang mga adhikain at simulain ng pakikipagkuwentuhan ; ang paghagilap ng salalayan sa kultura at karanasan ng kuwentuhan; ang pag-aaral ng pamamaraang pakikipagkuwentuhan ; ang paggagalugad sa kalikasan ng kuwentuhan: kinahinatnan at kahulugan; at ilan pang katibayan at katunayan sa karanasan at kultura.

Pe-Pua, Rogelia at Elizabeth Protacio-Marcelino. Sikolohiyang Pilipino: Pamana ni Virgilio G. Enriquez. *Binhi, 1* (1), 2002, muling inilimbag, 2007. (P120/kopya)

Pinapaksa ng monograp na ito ang paglalahad ng mga tala tungkol sa buhay ni Enriquez, ang *Ama ng Sikolohiyang Pilipino.* Malawakang binibigyang- diin ang kalikasan, batayan, at katangian ng Sikolohiyang Pilipino. Batay sa mga pagtalakay na ito, pinagtutuunan ng pansin ang paglilinang ng mga katutubong konsepto, teorya, at metodolohiya. Gayundin, tinatalakay ang bisa ng Sikolohiyang Pilipino sa paglilinang ng katutubong panukat sa pagkatao at pagtuturo ng sikolohiya sa wikang pambansa. Tinutukoy rin ang iba't ibang larangan ng aplikasyon at gamit ng Sikolohiyang Pilipino. Sa pag-unlad ng Sikolohiyang Pilipino, binibigyang- diin ang paglaganap nito sa loob at labas ng bansa sa pamamagitan ng mga organisasyon at propesyonal na pagtitipon na nagbubunga ng malawakan at patuloy na talastasan. Sa huli, tinitingnan ang puwang ng malaya, mapagpalaya, at interdisiplinaryong Sikolohiyang Pilipino bilang sikolohiyang Asyano sa konteksto ng sikolohiyang pandaigdig at unibersal



Pangunahing Tagapagsalita

BENEDICT C. HERNANDEZ

Vice President for Philippine Operations
eTelecare Global Solutions
at 2006 The Outstanding Young Men (TOYM) awardee

May higit na 16 taong karanasan si **Benedict C. Hernandez** sa pagsisimula, pangangasiwa at pagpapalago ng mga customer service organizations sa industriya ng Information and Communication Technology (ICT). Pinangunahan niya ang eTelecare sa paglikha ng sarili nitong sistema ng pamamahala sa pre-operational phase nitong noong taong 2000 at pinangasiwaan ang paglago ng eTelecare mula sa isang kumpanyang may 60 empleyado hanggang sa organisasyong may higit 8,000 sa loob ng pitong taon.

Nanguna ang eTelecare sa pagbibigay ng voice-based BPO services sa US market. Noong 2004, ito rin ang isa sa mga unang kumpanyang nakabase sa Pilipinas na nagbigay ng isang multi-shore business model nang makakuha ito ng status bilang US BPO provider, ang Phase 2 Solutions.

Sa pamamagitan ng pamamahala ni G. Hernandez, ang eTelecare ay isa na sa pinakapipitagang BPO providers sa buong mundo, patunay ang higit na anim na pung internasyunal na karangalan. Noong 2005, napagwagian ng kumpanya ang Philippine Most Outstanding Employer of the Year na iginawad ng Personnel Management Association of the Philippines (PMAP). Ang eTelecare ay ang una at natatanging BPO/call center at pinakabatang kumpanyang nabigyan ng ganitong karangalan. Kamakailan lamang, nasama ang eTelecare sa listahan ng Nasdaq Stock Exchange sa New York, ang ikalawang kumpanysa sa Pilipinas na nabigyan ng ganitong distinksyon.

Naging VP-Customer Care si G. Hernandez ay sa Nextel Communications Philippines kung saan ang kaniyang grupo ay tumanggap ng record customer satisfaction ratings sa buong telecom industry. Bago dito, nagsilbi siyang Customer Service Manager sa Smart Communications kung saan pinamahalaan niya ang pambansang paglulunsad ng 50 Smart branches. Naging fakulti din siya ng sikolohiya sa Unibersdiad ng Pilipinas kung saan siya ay Ph.D. Candidate sa Social Psychology, at ginawaran ng kauna-unahang Most Outstanding Graduate Student noong 1992. Nagtapos siya ng kaniyang BA sa Sikolohiya sa UP, magna Cum Laude. Kasamang tagapagtatag si G. Hernandez ng Contact Center Association of the Philippines (CCAP) at nagsilbi bilang una nitong tagapangulo. Dahil sa kaniyang kahusayan sa business leadership, kinilala si G. Hernandez bilang isa sa The Outstanding Young Men of the Philippines (TOYM) para sa taong 2006.

MGA ABSTRAK

UNANG SESYON
Teknolohiya, Sarili at Indibidwal
Huwebes, 22 Nobyembre 2007

01:00 – 03:00

Care to Chat: Mga Siko-sosyal na Aspekto ng Online na Pakikipag-ugnayan
Prop. Cherrie Joy Billedo (Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
cfbilledo@yahoo.com

Ang Internet relay chat (IRC) ay isang midyum na nagdudulot ng natatanging karanasan para sa mga gumagamit nito. Natagpuan na may ilang mga kundisyon na nararanasan online ang mga chatters na hindi nila kadalasang nararanasan sa harapang interaksyon. Naaapektuhan ng mga kunidsyong ito ang ilang mga siko-sosyal na aspekto ng kanilang online na pakikipag-ugnayan tulad ng motibasyon sa pakikipag-chat, pagbubuo ng identidad, uri ng mga online activities na isinasagawa at maging mga nabubuong mga relasyon.

Emotional Stability and Sociability as Determining Variables Influencing Behaviors of Users and Non-Users of Internet Relay Chat
Cinderella Arellano-Sta. Cruz (Departamento ng Sikolohiya, Far Eastern University)
c8376a@yahoo.com

The study focused on the Emotional Stability and Sociability of the Users and Non-Users of Internet Relay Chat measured by the 16 Personality Factor 5th Edition Test among selected students of Far Eastern University.
Specifically, the researcher tested if there was a significant relationship between the respondents' profile variables such as age, gender, course, frequency of use, and number of chat mates and their level of emotional stability and sociability as revealed by the 16 PF Questionnaire 5th Edition.

The study employed descriptive, comparative method in assessing the relationship between the emotional stability and sociability of the users and non-users of Internet relay chat. In undertaking the study, a total of 200 respondents from Far Eastern University were involved. The researcher utilized two types of instruments – the 16 Personality Factor 5th Edition Test and a Personal Profile sheet in obtaining information. All the data were encoded and entered into the matrix software Statistical program for Social Sciences for statistical treatment. For the descriptive analysis of data, the frequency and percentage were used specifically in dealing with the nominal data generated from the demographic profile variables such as age, gender, course, frequency of use as determined by the number of chat mates, number of hours, and number of days. To ascertain the relationship of the demographic variables and the trait variables, the Chi-Square Test of Association was used. To determine the relationship between gender and the trait variables, the Pearson's Product-Moment Correlation Coefficient was used. The t-test for independent samples was utilized to determine the difference between the respondents and the level of Emotional Stability and Sociability as revealed by the 16PF 5th Edition test.

It was found that majority of the respondents are within the age bracket 15 – 21. Generally, there was a greater number of female than male respondents. For the Non-users of IRC, majority of the respondents belong to the psychology department. All Users of IRC gathered for the study majored in Computer Science.
The study also found that the demographic profile variables included in the study were not significantly related to the respondents' level of emotional stability and sociability. Also, it was concluded that there was no correlation between the respondents' gender and their level of Emotional Stability and Sociability.

In the light of the foregoing data, it is recommended that other variables not included in the study must be considered to further find out what really influences the behavior of Users and Non-Users of Internet Relay Chat. More so, the study can give reminders to the avid Users of Internet Relay Chat on the probability of changes with the level of their Emotional Stability and Sociability as they engage in Internet Relay Chat. A parallel research or study can also be conducted using similar, additional, or different variables to further come up with a wider perspective of the topic under study.

03:00 – 05:00

Simulating Agent Personality Changes over Time in Interactive Game Environments

Mr. Francis Germiline Veto (College of Computer Studies, De La Salle University, Manila)
francisveto@yahoo.com

Designing agents which exhibit believable behaviors by implementing personality that changes over time is the main goal of this research. The changes in personality arise from agent interactions in the environment so interactions and relationships between these agents and with elements in the environment will be explored as the major influential factors. In order to evaluate the implementation of agent personality, a computational model based on psychological theories shall be adopted. The interplay of agent personality, behavior, interaction in agent adaptation shall be the points of focus in this study and will be tackled in the context of a game environment.

Imahe ng Pagkalalake sa mga Lalakeng Manlalaro ng DotA

Joshua Abejero, Marione Allen Ozaeta, Christly Palacio at Rachel Ann Veloro
(Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
joshuabejero@yahoo.com

Maraming nang mga pag-aaral sa imahe ng pagkalalake na nagmula sa lokal na literatura na nasa konteksto ng kulturang Pilipino. Ngunit, hindi maitatanggi na kaakibat ng pag-unlad ng kultura ay ang modernong teknolohiya sa ika-21 siglo kung kaya nakita namin ang pangangailangan sa pag-aaral ng pagkalalake na binibigyang halaga din ang impluwensiya ng teknolohiya partikular na ang *computer gaming*. Kaugnay nito, ang *computer gaming* ay isang penomena na talamak at maimpluwensiya sa mga kabataan na nasa antas pa lamang ng pagbubuo ng kanilang pagkatao at sekswalidad, at sa kaugnayan ng dalawang nabanggit, mabubuo ang imahe ng pagkalalake. Mula dito, hinanap namin ang mga imahe ng pagkalalake sa mga lalakeng manlalaro ng DotA (*Defense of the Ancients)* sa konteksto ng teknolohiya at kulturang Pilipino. Isinama rin namin sa usapin ang mga salik ng sekswal na oryentasyon (homosekswal, bisekswal, heterosekswal) at edad ng mga kalahok (15-19, 20-24) upang makita kung may interaksyon ang mga ito sa mga imaheng nabubuo nila.

Gamit ang lapit ng trayangulasyon sa pag-analisa ng datos, ang mga pangunahing imahe ng pagkalalake na lumabas mula sa tatlong metodo (*participant observation*, *semi-structured interview*, at *self-administered questionnaire*) sa paunang pagsusulit ay ang mga sumusunod: *glory* at *pride* - malalim na aspeto ng kasikatan o ang eksternal na atribusyon ng kagalingan ng isang manlalaro; *kagalingan* - paraan o pamantayan na internal kung saan tinatasa ng manlalaro ang kanyang sariling antas ng kahusayan sa laro; *agresyon* - sa kuntektsto ng laro, inilarawan ito bilang isang kagustuhan o tendensiya na makasira, makanakit, o makapanila sa kapaligiran; sa konteksto ng salita, tumutukoy ito sa bayolente na kahulugan, at pagiging dominante (at ang tinutukoy rin ay hindi ang indibidwal kundi ang grupo bilang mga dominante); *kakampi* - malaki ang papel na ginagampanan ng pagiging lalaking manlalaro sa *team play* na siyang magiging dahilan ng kanilang pagkapanalo sa laro; at *samahan* - naglalarawan ng matibay na ugnayan nila sa isa't isa partikular sa interes sa laro.Sa mga paunang resulta ng mga imahe ng pagkalalake, nakitang mayroong mahalagang interaksyon ang kulturang Pilipino at teknolohiya kung kaya nagkaroon ng pagkakaiba sa ilang mga imahe mula sa banyagang literatura partikular na ang mga imahe na umiikot sa mahalagang konspeto ng "Kapwa". Batay sa metodo ng aming *pretest*, masasabi naming magiging mas epektibo ang mga ito kung mas malalim ang naging ugnayan namin sa mga manlalaro, mas akma sa karanasan ng kalahok ang mga instrumento, at kung mas marami kaming nakuhang kalahok.

IKALAWANG SESYON
Teknolohiya, Kapwa at Komunidad
Biyernes, 23 Nobyembre 2007

08:00 – 10:00

Mga Implikasyon ng Paggamit sa Paggamit ng Teknolohiya ng mga Kabataan sa Relasyong Magulang-Anak
Dr. Lianne Pena-Alampay (Departamento ng Sikolohiya, Ateneo de Manila University)
lpalampay@ateneo.edu

Tinalakay ng papel na ito ang mga implikasyon ng paggamit ng teknolohiya ng mga kabataan sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang mga magulang. Sa pagsusuri ng sikolohikal na literatura mula sa mga perspektibong debelopmental sa pag-unlad ng mga kabataan at relasyong magulang-kabataan, naglahad ang may-akda ng mga posibleng proposiyon at hipotesis na maaaring pagtuunan ng pansin at subukin ng mga sikolohistang Pilipino sa lokal na kunteksto.

Virtual Togetherness: A Grounded Theory Investigation of the Experience of Companionship in Computer-Mediated Friendships among Adolescents
Jennifer Lahum (Departamento ng Sikolohiya, De La Salle University, Manila)
lajomj@dlsu.edu.ph
0927-9146214 and/or 524-4611 loc. 560

Existing literature regarded companionship as a motivating factor in adolescent online friendship formation. However, there have been limited accounts explaining how companionship, a construct that emphasized interaction closeness in physical space among friends, thrives in a computer-mediated environment. Unlike its traditional-context counterpart, the context of cyberspace is mostly virtual in nature and has reduced the idea of propinquity to a mere "perceived sense of place". As such, the study aimed to explore how adolescents make sense of companionship in their cyberspace-mediated friendships. This is relevant because the variation in context may contribute to different notions and experiences of companionship, consequently influencing friendship formation and maintenance.

The grounded theory approach was employed to arrive at a theory developed inductively from data. Ten adolescents who have online friends whom they met and maintained friendships with through computer-mediated communication went through interview sessions. Data were subjected to three phases of analysis—open, axial and selective coding—to arrive at a core category. Conceptual soundness, or the trustworthiness of the proposed theory, was established through strategies such as peer debriefing, member-checking and inquiry audit.

Results illustrated the experience of online companionship, labeled as *virtual togetherness* with elements of *online interactivity*, *means for online interactivity* (i.e., avenues for interaction and perceptive envisioning), *time*, *sense of gut-feel*, *perceived degree of friendship closeness* and *consequences arising from friendship closeness*.

Online interactivity is characterized by discourse content ranging from interest-based to personal matter-based topics. Respondents also described the interaction in terms that concur with how offline interaction is actually done such as "tumatambay" or "magkakasama". Online interactivity is embedded within the cyberspace context, where it is made possible with the use of synchronous (i.e., instant messaging) and asynchronous (e.g., forum) Internet features that serve as avenues for interaction. Respondents' "spending time together" was accentuated with the process of perceptive envisioning, where they mentally create a scenario that involved some sort of togetherness transpiring between them and their online friends.

The interactions that the respondents have been through with their online friends had progressed over a period of time in terms of duration and regularity and can determine the continuity and the development of a deeper level of friendship. Respondents also reported that they use their "gut feel" that facilitates their idea of the degree of their online friendships. Eventually, online friends learned more about each other and were able to determine whether there was potentiality for close friendships or simply remain at a casual level. These perceptions eventually influence their choices on who to open up to or perhaps, ask help from. As respondents continued to spend time in cyberspace with their online friends, the interaction between them gradually lead to consequences that motivate them to continue engaging in such relationships.

Given the above elements, online friends are able to spend time together, albeit in a perceived intangible sphere. These elements, together with online interactivity and the means to make it possible, work together to contribute to online friends' understanding and appreciation of their relationship towards each other.



10:00 – 12:00

Kapwa at Pakikiramdam sa Panahon ng Teknolohiya

Dr. Ma. Cecilia Gastardo-Conaco (Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
cescon19@gmail.com

Maraming nagsasabi na ang Pilipino ay napaka personal at maramdamin. Ito ay bunga ng lakas ng ating koneksyon sa isa't isa, sa pagpahalaga natin sa kapwa. Batay sa mga pag-aaral ni Enriquez sa rural na komunidad ng Santa Maria, Bulacan, natukoy niya na ang sentral na pagpapahalaga ng kapwa ang nagtutulak ng pakikiramdam na nagiging batayan ng angkop na kilos ng isang tao sa larangang sosyal. Sa orihinal na mga pag-aaral, ang mga datos ay base sa harap-harapan na interaksyon sa maliit na komunidad kung saan halos magkakilala ang lahat. Subalit, malaki ang pagbabago ng ating mundo ngayon. At teknolohiya ang pinakamalaking sanhi nitong mga pagbabago. Napaliit ang ating mundo at napadali ang komunikasyon ng mga nagkakalayong tao. Pero marami ding di-inaasahang mga pagbabago at isa na dito ang unti-unting pag-iiba ng mga kilos at relasyong personal. Dahil sa teknolohiya, kadalasan di na kailangan ang personal at harap-harapan na interaksyon sa isa't isa. Ang isang malaking katanungan ay kung paano naapektuhan ang kahalagahan ng kapwa at pakikiramdam sa bagong konteksto. Ang pag-aaral na ito ay tangkang tukuyin ang katanungan ito. Sa pamamagitan ng isang maikling survey, tinanong ang 130 mag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas ng kanilang mga pananaw tungkol dito. Ang mga kabataang ito ay sanay nang gumamit ng teknolohiya ng komunikasyon (i.e., cell phones at kompyuter) at tinitingnan kung possible pa at paano ang pakikiramdam kung ang interaksyon ay dumadaan sa mga makabagong teknolohiya. Sa huli, tatalakayin ng may akda ang epekto ng teknolohiya sa napaka-Pilipinong kilos ng pakikiramdam at sa ating pagpapahalaga ng kapwa.

Wow(ww.) Philippines(.com)!: Ang Representasyon ng Pilipinas sa Internet

Jayson Petras (Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
jayson23_dgp@yahoo.com, 948-8277; 09228889662

Maraming kahulugan ang "representasyon". Sa batayang pagpapakahulugan, tumutukoy ang salitang ito sa "presensya" o "pagpapakita". Mula rito, mahihinuhang kalangkap ng "representasyon" ang biswal na sangkap o pag-iimahen. Maaaring mangahulugan din ang salita ng pagkilos na may layuning makaimpluwensya o makaapekto sa aksyon ng iba. Sa mga nabanggit na ito, tinatangka ng representasyon na isiwalat ang "totoong mukha" ng anumang ipinakikilala. At upang maisakatuparan ang ganitong layunin, kumakabit ang representasyon sa iba't ibang anyo ng teknolohiya.

Masasabing kasintanda ng kolonisasyon ang representasyon ng Pilipinas. At sa anumang pagpapakilala, mapapansing kakabit nito ang teknolohiyang tangan ng mga mananakop. Mula sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, lamabas ang mga pakahulugang nagmumula sa mga limbag na akda nina Antonio Pigafetta, Miguel de Loarca, Juan de Plasencia, Pedro Chirino, Antonio de Morga, at iba pa. Makapangyarihang lente ng kamera ang siya namang gamit sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano upang ilantad ang barbariko at eksotikong mukha ng Pilipinas. Kakabit pa nito ang partikular na pagbibilad sa Pilipinas at sa mga Pilipino sa naganap na St. Louis World's Fair noong 1904. At sa kontemporanyong panahon ng pagbulusok ng teknolohiya, paano na nga ba ipinakikilala ang Pilipinas?

Ang papel na ito ay isang pagsusuri sa representasyon ng Pilipinas sa teknolohiya ng internet. Napakaraming mapupuntahang websites na nagpapakilala sa Pilipinas. Apat sa mga ito ang bibigyang-tuon ng pag-aaral – www.tourism.gov.ph, www.wikipilipinas.com, www.cia.gov, at www.lonelyplanet.com. Gayundin, gagamiting pantulong na batis ang iba pang websites at mga artikulo ukol sa Pilipinas na mababasa sa internet. Sa ganitong paraan, kikilalanin ang virtual na identidad ng Pilipinas at ng mga Pilipino na siyang naipatatampok sa mga mata at kaisipan ng mga kumokonekta sa internet.

Sa panahong pdf na ang mga libro at digital na ang kamera, isang makapangyarihang lunan ng tunggalian ang internet sa patuloy na pagbibigay-mukha sa bansa at maging sa mga Pilipino. Sa lawak ng nasasakop ng internet, kinakatawan nito ang isang makabago at virtual na eksposisyon ng Pilipinas sa iba't ibang dako ng daigdig na isang masalimuot na paksang nararapat suriin. Nasaan na nga ba ang abot ng pagkilala sa Pilipinas? Nakaahon na ba ito o patuloy na lumulubog sa kumunoy na itinakda ng mananakop sa mahabang panahon?

IKATLONG SESYON
Teknolohiya, Kultura, Lipunan at Bayan
Biyernes, 23 Nobyembre 2007

01:00 – 03:00

Wika at Teknolohiya
Dr. Galileo Zafra (Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
galileo.zafra@yahoo.com

Nakapokus ang papel sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo at pagpapalaganap ng kamulatang pang-agham at teknolohiko. Idinidiin ang idea na ang konsepto ng wikang Filipino, ang itinakdang wikang pambansa sa Saligang Batas ng 1987, ay nakasasapat para linangin ang isang wikang pang-agham at panteknolohiya. Ipaliliwanag din dito ang variety at/o register ng wikang Filipino na angkop para sa iba't ibang dominyo ng paggamit ng wika (domains of language use) sa larang ng agham at teknolohiya.



Teknopropesiya:
Ang Pag-imahen sa/ng Kinabukasan ng/sa Teknolohiya sa mga Future Fiction sa Palanca

Alwin Aguirre (Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
simbuyo@yahoo.com

Noong taong 2000 ay inilunsad ng Don Carlos Palanca Literary Awards ang isang panibagong kategorya ng maikling kuwento. Ang kakaiba dito, kailangang ipakita ang bansang Pilipinas sa darating na panahon. Tinawag na future fiction, ang mga kuwento"y pagtatampok sa pag-imahen sa Pilipinas sa hinaharap. Ang kakatwa, bagamat ang kategorya'y binansagang future fiction, lumalabas na karamihan sa mga nagwaging kuwento mula 2000-2004 ay maaaring maituring na o may katangian na malapit na malapit sa isang mas popular na genre na tinatawag na science fiction. Sa mga nagwaging akda sa loob ng mga taong nabanggit, matingkad na matingkad ang pag-imahen sa kinabukasan mula sa malabis na "science fictionish" na pagtingin. Kaakibat nito ang pag-imahen sa kinabukasan bilang pinamumugaran ng pagkataas-taas na kaunlarang teknolohikal.

Ang papel ay tumatalakay sa representasyon ng teknolohiya sa naturang mga kuwento. Babasahin ang mga naratibo ng nagwaging mga akda sa kategoryang future fiction (sa Filipino at Ingles) mula taong 2000-2004. Diskursibo ang pagtaya sa mga pamamaraan ng pag-imahen sa "teknolohiya" at sa di maiiwasang pag-uugnay ng science at technology. Bukod sa kamangha-manghang imahinasyon na ipinapamalas ng naturang mga kuwento, mas kapaki-pakinabang ang paggalugad sa pulitika ng paglikha sa naturang mga naratibo. Uungkatin ng pag-aaral kung ano ang konstruksiyon ng "teknolohiya" habang hinahabi ang mga kuwento. Lumalabas na tila ba napipinid ang pagtanaw natin sa kinabukasan bilang teknoideyalistiko.

Teknoideyalistiko sapagkat ipinapakita na tanging teknolohiya lamang ang paraan upang marating ang antas ng kaunlaran sa mga inimaheng kinabukasan. Isang uri ng teknolohiya na may pinanggagalingan at pinagsisilbihang partikular na mga institusyong panlipunan na tinatayang siyang magbibigay-solusyon sa lahat ng mga suliranin ng mga Pilipino sa darating na panahon. Marahil, maaaring sabihin na bagamat naungusan na ng imahinasyon ang teknolohikal na pamumuhay na mayroon tayo sa kasalukuyan, hindi pa rin nito naalpasan ang struktura ng relasyong pangkapangyarihang kung saan ito umiiral sa ngayon.

From Marimar to Marimar: The Reign of Soap on Philippine Primetime

Geraldine Asis at Janet Rosell-Tolete (GMA-7 Network, Inc.)
GRAsis@gmanetwork.com

Drawing from historical data and personal experience, the researchers examined the dominance of the soap opera genre on Philippine primetime television since 1996. Primetime programming today follows the formula of a newscast plus a lineup of usually five soaps. It all began with the phenomenal telenovela Marimar. From then on, soaps gradually became the main fare of primetime TV. After more than a decade, the local adaptation of Marimar still reigns on Philippine primetime.

The researchers believe that this trend is primarily due to the present profile of the Filipino TV audience, particularly in Mega Manila. Since more DEs had access to TV sets due to the availability of cheap Japan surpluses, they became the main viewers of free television. Of these, housewives became the majority. The soaps' original melodramatic themes were high points of attraction to the housewife. Unlike the once-a-week sitcoms and anthologies, the soap's serialized format also raised it to a daily habit.

Later, soaps evolved and expanded its themes to attract other market segments. Specifically, soaps infused with magical and fantasy elements were produced to cater to children. Realizing that they struck a goldmine in the genre, ABS-CBN and GMA decided to make the soap a staple format on primetime. Soaps will most likely continue to dominate primetime because until now, housewives still sit as queen of the household.

03:00 – 05:00

Trabaho versus Hanapbuhay?: Ang Persepsiyon sa Pagbili at Paggamit ng mga Teknolohiyang Pang-impormasyon, Komunikasyon at Transportasyon

Carmen Penalosa (Department of Social Sciences, Miriam College)
Carmen_penalosa@yahoo.com

Ang papel ay maliit na bahagi lamang ng mas malawak na pag-aaral noong 2005 sa Administrasyong Pampubliko at Pamamahala (*Public Administration and Governance*) kaugnay ng pagkuha at paggamit ng DepEd ng teknolohiyang pang-impormasyon, komunikasyon at transportasyon (*information, communication and transportation technologies* o ICTTs). Sinusuri ng nabanggit na malawak na pag-aaral ang mga panloob na pagsisiyasat ng Departamento kaugnay ng sariling imprastraktura sa impormasyon at komunikasyon (*ICT infrastructure*) at mga sistema sa pamamahala ng impormasyon (*information management systems o IMS*), at kung papaano sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga ito inaasahang matutugunan ng Departamento ang mga kasalukuyang kahilingan ng isang moderno, episyenteng burukrasya na naghahatid ng de-kalidad na serbisyo publiko kaugnay ng edukasyon. Sa partikular, tiningnan kung papaano nakaapekto ang ICTTs sa DepEd sa kaayusang organisasyunal (*organizational setup*), bisyon at mandato, alokasyon at paggamit ng yaman (*resource allocation and utilization*) at pangkalahatang pagganap nito sa mga nakaatang na trabaho. Kabilang sa iba pa, pinag-aralan din ang matagalang epekto ng ICTTs sa dami at tindi ng paggamit ng transportasyon; sa direksyon ng at mga pagsusumikap kaunay ng koordinasyon sa pagitan ng *central* at *field offices* (partikular sa usapin ng *costs*, *speed*, *effectiveness*, *transparency* at *direction*); sa mga empleyado nito, sa paggamit ng lokal na yaman (*local resource utilization*), at kontrol at mga proseso sa pagpapasya (*decision-making processes*) sa konteksto ng isang desentralisadong kaayusan.





Pagtutuunan lamang sa kasalukuyang papel ang persepsyon ng ilang mga empleyado ng DepEd sa epekto ng teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasayon (*information communication technologies* o ICTs) sa kanilang personal na buhay, sa trabaho at sa pakikipag-ugnayan nila sa mga nakatataas na kawani at sa mga kapwa empleyado. Ang mga datos ay batay sa mga pagpapalalim na panayam at sarbey sa mga empleyado ng DepEd na may direktang kinalaman sa pagkuha at paggamit ng ICTs sa Departamento. Sa pamamagitan ng Sikolohiyang Pilipino, palalalimin din ng kasalukuyang pagsusuri ang ating pag-unawa sa ilang dimensyong sikolohikal at sosyo-kultural sa epekto ng pagbili at paggamit ng ICTTs sa DepEd.

Trabaho versus hanapbuhay. Ang dikotomiyang ito ay lumilitaw sa pagkakaiba ng pagtingin at pagpapahalaga ng DepEd bilang organisasyon sa pagbili at paggamit ng ICTTs kung ikukumpara sa indibidwal at personal na persepsyon naman ng mga ordinaryong kawaning naaapektuhan nito.
Sa isang banda, maikakabit ang nangingibabaw na motibasyon ng DepEd sa pagbili at paggamit ng makabagong teknolohiya sa klasikal na Kanluraning pagtingin sa "trabaho" bilang isang gawaing pang-ekonomiko (*economic activity*) na nakatuon, higit sa lahat, sa pagkamit ng layunin ng organisasyon na mapataas ang *productivity* (magkapanabay na resulta ng paggaling at pagdami ng produksyon o gawain) na nasasalalay sa *efficiency* nito o sa kagalingan ng paggawa sa harap ng halaga ng paggawa. Sa kabilang banda, lumilitaw na ang pagtaya ng mga empleyado sa ICTs ay nakabatay, higit sa lahat, sa kung ano ang nagiging epekto nito sa kanilang kabuhayan at sa idinudulot ng paghahanapbuhay. Ibig sabihin, pinapahalagahan o hindi ang pagbili at paggamit ng ICTs ayon sa idinudulot nito sa inidibidwal na pagsusumikap ng mga empleyado na magkaroon ng kabuhayan, at kaakibat nito, makamit ang ginhawa para sa sarili at sa pamilya, nang hindi nanlalamang sa o nalalamangan ng mga kasama sa hanapbuhay. Mahalaga rito kapwa ang pagtaas ng kita at mabuting ugnayan o samahan.
Sa unang pagtingin mas nakahihigit o nakapangyayari ang pagtalima sa layunin ng organisasayon kaysa sa kapakanan ng mga kasapi nito; samantalang implisito sa pangalawang pagtingin ang higit na pagpapahalaga sa sikolohikal at sosyo-kultural na epekto ng pagbili at paggamit ng ICTs.

Sa pangkalahatan, ang pagkuha at paggamit ng ICTs ay ipinapalagay na nakapag-aambag sa pagkamit at pagpapayaman sa mga indibidwal na kaalaman at kasanayan (*knowledge and skills*) at samakatuwid, nakapagpapabuti sa trabaho. Gayunpaman, nagdudulot ito ng di-iilang panlipunang disbentahe at negatibong sikolohikal na epekto sa indibidwal, sa kanilang mga mag-anak at sa kanilang ugnayan sa mga kasama sa hanapbuhay. Taliwas sa kanilang pagpapahalaga sa trabaho bilang hanapbuhay din, iniinstitusyunalisa nito ang pagsasamantala sa mga kawani ng DepEd na may kaalaman at kasanayan sa ICTs -- i.e., hindi tumataas ang kanilang suweldo sa kabila ng pagdami ng mga iniaatang na gawain (*workload*), habang tumataas ang ekpekstasyon sa tipid, bilis at husay ng pagganap ng tungkulin ng mga empleyado na marunong sa ICTTs. Bagkus nagbibigay-daan pa nga ito sa ilang mga pagsasakripisyo kaugnay ng oras at atensyon para sa mag-anak at ng ilang mga personal na karamdaman at iba pang panganib sa kalusugan na ang tustusin ay hindi naman sinasalo ng pamahalaan. Nagdudulot din ito ng paghahati ng mga empleyado sa pagitan ng mga may-alam at wala sa ICTs, na nagiging dahilan naman di-umano ng lamangan, inggitan at awayan sa opisina.

Lumilitaw din ang mga bagong suliranin kaugnay ng imprastraktura at sistemang pangsuporta sa ICTs, kagaya halimbawa ng suplay ng elektrisidad at pagmementena (*maintenance*). Nagdudulot di-umano ang pagbili at paggamit ng ICTs ng mga bagong anyo ng pagtatapon o pag-aaksaya sa yaman ng Departamento. Ito'y dahil sa kaalinsabay ng paggamit ng

makabagong teknolohiya ay ginagamit pa rin ang mga makalumang kasangkapan at pamamaraan sa trabaho, lalo kung nawawalan ng kuryente sa DepEd (bagay na nagiging madalas dulot na rin ng di kaangkupan ng elektrikal na kapasidad ng gusali sa imprastrakturang hinihiling ng ICTs) o di kaya kung nasisira ang mga *hardware* at nangangailangan ng pagkukumpuni. Sa katunayan, sa halip na tuluyang palitan ang mga lumang kasangkapan, patuloy pa rin ang pagpapahalaga sa at paggamit ng mga ito dahil na rin sa pagdududa sa kapasidad at katiyakang hatid ng makabagong teknolohiya; bagay na nagpapatingkad sa problema ng pangkalahatang atityud ng mga empleyado sa mga pagbabagong idinudulot ng ICTs.

Kapansin-pansin din na bagamat ang pagliit ng bilang ng empleyado ay inaasahang natural na kahihinatnan ng pagtaas ng masinop na pagtatrabaho (*increased work efficiency*), ang pagbabawas ng empleyado at o paglilipat opisina ng mga kasama sa hanapbuhay ay isang paksaing iniiwasan ng mga pinuno ng tanggapan. At kung tutukuyin man ay nagbubukas ng mga depensibong panindigan o pagdadahilan upang hindi mailagay sa alanganin ang mga sakop o kasama sa opisina. Naipapalagay na ayon na rin ito sa organisasyunal na kultura ng burukrasyang Pilipino at sa namamayaning pagtingin sa pamahalaan bilang pangunahing tagapagbigay ng trabaho at samakatuwid, ng hanapbuhay na nagdudulot ng ginahawa sa taumbayan.

Maselang gawain ang paghahanap ng balanse sa pagitan ng pagpapabuti sa trabaho (*i.e.*, teknikal na kagalingan) versus paghahanapbuhay (bilang paraan kung papaano makakamtan ang kaginhawaan) ng mga empleyado. Ang kalagayan ng DepEd noong 2005 kaugnay ng programa nito sa ICTs ay nangangailangan ng malalim na pagkilala sa hanay ng administrasyon sa pagtitimbang sa instrumental na gamit ng ICTs para mapabuti ang trabaho sa isang dako, at ng pangangailangang mapangalagaan ang kapakanan ng mga empleyado.

Sustainable Building: Cultural Activity vs Technological Product

Nicolo del Castillo (Kolehiyo ng Arkitektura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
nicdelcastillo@gmail.com

This paper aims to re-frame the problem of sustainable architecture from a purely technological standpoint to a cultural standpoint. The concept of sustainable development and sustainable architecture is such that it requires a paradigm shift about human life on earth. Most of the efforts toward sustainability have been centered on technological capacities and impacts on the earth.

So far, sustainable technologies have only come up with options that are either of secondary importance to users and consumers, such as "green building materials"; or offer minimal disruption or changes to lifestyle, such as renewable energy technologies. However, these technologies do not involve the users of these buildings themselves such that attitudes toward the environment are hardly changed. More importantly, we may be missing the whole picture that technology-dependence leads to the importation of lifestyles and increase in unsustainable production processes.

By focusing on cultural worldviews, nations and cultures will be able to develop strategies to cultivate truly sustainable lifestyles and critically assess technology as mere tools in supporting that lifestyle.

IKA-APAT NA SESYON
Teknolohiya at Sikolohiya
Sabado, 24 Nobyembre 2007

Teknolohiya sa Sikolohiya

8:00 – 10:00

Ang Paggamit ng Internet sa Sikolohikal na Pananaliksik
Cherrie Joy Billedo (Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman)
cfbilledo@yahoo.com

Ang presentasyon ay paglalarawan ng mga karanasan ng isang mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral gamit ang online survey at tungkol sa isang paksa na may kinalaman sa paggamit ng internet, particular na ng Internet Relay Chat. Tatalakayin ang mga kalakasan at kahinaan ng ganitong metodo sa paggawa ng pananaliksik.

10:00 – 12:00

Online teaching and learning
Dr. Benito Teehanke (De La Salle Professional Schools)
teehankeeb@yahoo.com

Policies governing Philippine higher education allow for schools to innovate in the area of instructional delivery. Schools without distance education programs can implement distance courses as long as these courses comprise less than 25% of the total program course load and they meet other technical requirements of the respective disciplines. A promising method for instructional innovation is the use of online modes, particularly through the Web. There are various levels of online mode use in instruction as proposed by Curtin Bonk, from the most basic posting of course syllabi to the delivery of the entire course online through a learning management system like Moodle or WebCT. The use of this mode for teaching an on-going distance course in humanistic management is discussed. Techniques used in the course include forum discussions,



video links, group projects and self-assessments. Implications for promoting academic integrity and initial feedback on pedagogical impact and student sentiments are Policies governing Philippine higher education allow for schools to innovate in the area of instructional delivery. Schools without distance education programs can implement distance courses as long as these courses comprise less than 25% of the total program course load and they meet other technical requirements of the respective disciplines. A promising method for instructional innovation is the use of online modes, particularly through the Web. There are various levels of online mode use in instruction as proposed by Curtin Bonk, from the most basic posting of course syllabi to the delivery of the entire course online through a learning management system like Moodle or WebCT. The use of this mode for teaching an on-going distance course in humanistic management is discussed. Techniques used in the course include forum discussions, video links, group projects and self-assessments. Implications for promoting academic integrity and initial feedback on pedagogical impact and student sentiments are explored.

Using Computer Technology as a Therapeutic Tool for Helping Clients Diagnosed with Selective Mutism

Dr. Karina Galang Fernandez (Departamento ng Sikolohiya, Ateneo de Manila University)
kfernandez@ateneo.edu

This is an exploratory study on the use of computer technology as psychotherapeutic intervention for selective mutism. Two case studies are discussed, where computer technology appeared to play a key role in significantly altering Selective Mutism symptomatology. In the first case study of a 6-year-old female, the use of Photo Booth, a picture taking program on MacBook, worked as a form of play therapy that was found to be especially beneficial for the client who's symptoms included self-consciousness as well as difficulty in self-expression. The use of Photo Booth paralleled the goals that define the use of Play Therapy. The second case study was that of a 16-year-old female, who had not been attending school for three years. In this case, the use of e-mail and Yahoo Messenger, among others, proved to be very beneficial. Making friends over the Internet appeared to help her overcome much of her anxiety towards social interaction. Furthermore, it allowed her to continue with her developmental tasks of forming her identity and connecting with peers, two essential requirements of the adolescent stage. The use of the Internet proved to be a kind of Desensitization Therapy, creating a non-threatening environment for the teenager to learn social interaction. Theoretical implications and further recommendations are discussed